

Kailangan mo ba ng tulong sa pagbabayad ng renta dahil sa COVID-19?

Ang Temporary Rental Housing Assistance Program (TRHAP) ng Estado ng Connecticut ay **tatanggap na ng mga aplikasyon mula 8AM sa Hulyo 15, 2020.**

- Ang mga karapat-dapat na mga sambahayan ay makakakuha ng **hanggang \$4,000** bilang tulong sa utang na renta sa loob ng 12 na buwan mula Marso 1, 2020 na mayroong hangganan ng \$1,000 kada buwan
- Ang mga nangungupahan ay kinakailangan na **magbayad ng 30% ng halaga ng kanilang pinakamababang kabuuang kita** (na nakuha noong Marso, Abril o Mayo) para sa kanilang renta sa kanilang kasero para sa mga buwan na makukuha nila ang mga pondo ng TRHAP
- Ang TRHAP ay magbibigay ng **prayoridad sa mga sambahayan na mayroong katamtaman at mababang kita**
- **Mula Agosto 12, 2020**, ang programa ay tatanggap na ng mga aplikasyon mula sa mga karapat-dapat na mga residente ng Connecticut, kahit sila ay nakatanggap ng mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho at/o *Pandemic Unemployment Assistance*
- Ang mga bayad ay direkta sa Kasero/Tagapamahala ng Propyedad alang-alang sa nangungupahan

Paano mag-apply:

- **Tumawag sa 1-860-785-3111** at makipag-usap sa Kinatawan ng Sentro ng Pagtawag **upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat para sa tulong sa renta o mag-apply online** sa website ng [Connecticut Housing Finance Authority](#)
- Ang DOH ay susuriin ang impormasyon at, kung ikaw ay kwalipikado, bibigyan ka ng naaangkop na Housing Counseling Agency (HCA)
- Ang HCA ay makikipag-ugnayan at makikipagtrabaho sa iyo upang matapos ang kumpletong aplikasyon
- Ang TRHAP ay mayroong mga kinakailangang upang maging karapat-dapat – kung ikaw ay may mga **katanungan kung ikaw ay kwalipikado** sa tulong, dapat mong tawagan ang **1-860-785-3111** at makipag-usap sa isang Kinatawan ng Sentro ng Pagtawag
- Isulat ang pangalan ng iyong nakausap at petsa kung kailan ka tumawag at itago ang lahat ng papeles o mga tugon na iyong makukuha galing sa TRHAP

Ano ang kinakailangan mo upang mag-apply:

- Ang dokumentasyon na nagpapakita na ang iyong sambahayan ay **nawalan ng kaunti o ang lahat ng kita dahil sa COVID-19** at hindi makapagbayad ng buong renta mula Marso 1, 2020
 - Halimbawa, kailangan mo ng patunay na ang iyong kita ay nabawasan dahil sa pagkawala ng trabaho, *furlough*, *layoff*, pagbawas ng oras ng trabaho/sweldo, pagsasara ng lugar ng trabaho, o hindi pagpasok dahil sa pag-aalaga ng isang batang may edad na nag-aaral pa o matandang tao, iba pa.
- Ang iyong **kita sa sambahayan** para sa 2019
 - Ang kita galing sa mga menor de edad at mga estudyanteng buo ang oras sa pag-aaral ay hindi kabilang
- **Pagpayag na bayaran ang iyong kasero ng lahat ng nakalipas na utang na renta** na hindi sakop ng TRHAP, kung sakaling ikaw ay may utang pa na renta
- Alamin ang buwan (o 30 na sunud-sunod na araw) sa loob ng Marso, Abril at Mayo kung saan ikaw ay may pinakamababang kita
- Anumang iba pang mga dokumentasyon ng hihilingin ng Kinatawan ng Sentro ng Pagtawag ng TRHAP

Iba pang mga kinakailangan ng TRHAP upang maging karapat-dapat:

- Ang tulong sa renta ay kinakailangan na sa **pangunahing tirahan** ng nangungupahan sa Connecticut
- Ang nangungupahan ay dapat **hindi** nakakakuha ng tulong sa renta galing sa ibang programa ng Pederal o Estado
- Ang nangungupahan ay dapat **hindi** nagkaroon ng utos mula sa korte na nagsasabi na sila ay umalis sa inuupahan dahil sa isang pagpapaalis na isinampa bago ang Marso 11, 2020

Bisitahin ang [CT Department of Housing](#) o tumawag sa **211** para sa karagdagang

impormasyon tungkol sa TRHAP

Pakitawagan ang Connecticut Fair Housing Center sa (860) 247-4400 kung ikaw ay nakakaranas ng anumang paghihirap sa pag-access sa programa o mga inaalala tungkol sa kinakailangan sa programa. Ang programa ng TRHAP ay pinapamahalaan ng Connecticut Department of Housing, hindi ng Connecticut Fair Housing Center

Ang Impormasyon ay tama mula Agosto 12, 2020